Diocese of Boac
Boac, Marinduque 4900 Philippines
☎ (042) 332-10-14 • Fax (042) 332-12-78

Pebrero 28, 2008

KGG. JOSE ANTONIO N. CARRION
Punong Lalawigan
Kapitolyo ng Lalawigan
Boac, Marinduque

KAGALANGGALANG NA MGA KASAPI
Ika-11 Sangguniang Panlalawigan ng Marinduque
Sa pamamagitan ni **Kgg. Tomas N. Pizarro**
Pangalawang Punong Lalawigan

PAHAYAG NG PAGKABAHALA AT PANAWAGAN PARA SA MGA KONGKRETONG AKSIYON HINGGIL SA MGA PANGANIB NA MAAARING IDULOT NG MGA MALALAKING "DAMS" NG MARCOPPER MINING CORPORATION SA KABUNDUKAN NG LALAWIGAN NG MARINDUQUE

Sa pangunguna ni Lubhang Kgg. Obispo Reynaldo G. Evangelista, D.D., kami pong mga lider-Simbahan, mga lider-layko at kinatawan ng iba't ibang samahan, organisasyon at kongregasyon sa Diyosesis ng Boac, matapos magnilay at magbahaginan sa ika-11 Environmental Forum Series at ika-7 Diocesan Church peoples' Colloquium na itinaguyod ng Marinduque Council for Environmental Concerns dito sa Sacred Heart Diocesan Pastoral Center ay minarapat na buong galang na dumulog sa inyong mga tanggapan upang ipahayag ang aming pagkabahala at panawagan upang mabigyan na ng kaukulang kongkretong aksiyon ang mga panganib at pangamba kaugnay sa mga 'dams' na naiwang nakatiwangwang sa lugal ng minahan ng Marcopper Mining Corporation.

ANG MGA DAMS

Sa kasalukuyan, ang mga tinutukoy na 'dams' sa lugal ng minahan ay kinabibilangan ng mga sumusunod: Maguila-guila Dam na ang taas ay tinatayang 189 meters above sea level (masl) at may catchment area na 8.2 km^2 at dumadaloy patungong Ilog-Mogpog; Bol River Dam na ang tantiyang taas ay 245 masl at may catchment area na 11.4 km^2, patungo ang daloy sa mga Ilog ng Makulapnit at Boac; Upper Makulapnit Dam na may taas na 275 masl, catchment area na 11.0 km^2 patungong Ilog Makulapnit at Boac; Lower Makulapnit Dam,

may tantiyang taas na 230 masl, catchment area na 1.5 km^2 patungo ring Ilog Makulapnit at Boac; Tapian Pit na may tantiyang taas na 310 masl, humigit kumulang sa 24 million cubic meters and nilalamang tubig at basurang mina, at dumdaloy din patungong Ilog Makulapnit at Boac; at, San Antonio Mine Pit na ang pagdaloy ay tinatayang patungo naman sa Ilog Mogpog.

ANG AMING PAGKABAHALA

Simula noong mga huling bahagi ng taong 2007 hanggang sa kasalukuyan, ang lalawigan ay nakaranas ng monsoon rains na pinatitindi pa ng banta ng La Niña kung kaya't nagdudulot ito ng malabis na pagka-ipon ng tubig sa mga nasabing 'dams.'

Ikinababahala rin po naming ang kawalan ng pagmimintina sa mga 'dams' na ito simula nang marapat lamang na paghinto ng operasyon ng minahan bunga ng Boac River Disaster noong 1996. Kaugnay nito ay wala pa ring makatotohanan at regular na 'monitoring' na ginagawa ang mga kinauukulang ahensiya ng pamahalaan, o kung mayroon man, ang mga resulta nito ay hindi naipaaabot sa mga Punong Barangay, mga kalipunang sibil sa lalawigan, mga pamahalaang bayan, at maging sa Simbahan.

Ikinababahala din namin ang mga naging epekto ng sunod-sunod na paglindol sa lalawigan noong nakaraang taon na ang pagyanig ay higit pang malalakas kaysa intensity 3.0 na sinising dahilan ng minahan kung bakit nasira ang Tapian Pit noong Marso 1996.

Ang 'carrying capacity' ng Ilog Boac ay tinatayang 11 million cubic meters lamang kung kaya't sukat ikabahala ng mga naninirahan at pamayanan sa mga pampang ng ilog at maging sa kalakhang bahagi ng mga barangay na nasa mababang lugal ang kalunos-lunos na trahedyang magaganap kung tuluyang mawasak ang mga 'dams' ng minahan.

ANG MGA BANTANG PANGANIB

Sa hindi inaasahang pangyayari, na sana nawa ay huwag mangyari, na masira ang alinman sa mga 'dams' na ito, mauulit po ang trahedyang magdudulot ng labis na epekto sa naghihirap nang kalagayan ng mga mamamayan, ng mga pamayanan at maging ng mga pamahalaang lokal. Sa kasalukuyang malaganap na kahirapang nararanasan sa lalawigan, hindi na po natin kaya pang bathin ang anumang makaking sakuna at trahedya. At wala ring kakayahan ang ating lalawigan upang muling ibangon ang kabuhayan ng mga mamamayan, katulad ng ating naranasan matapos ang malakas na bagyong 'Reming.'

Ang anumang trahedyang magaganap kung mawawasak ang mga 'dams' na ito ay magdudulot ng malabis na pagbaha; pagkalunod ng mga mamamayan at pamayanan; at, pagkasira ng mga pananim, pataniman, ari-arian at maging mga impraestruktura ng pamahalaan;

Ang trahedyang maaaring idulot ay pinakamalaki na marahil na sakunang dadagok sa pangkalahatang ekonomiya ng lalawigan at ng mga indibidwal na pamilya.

ANG AMING MGA PANAWAGAN

Lumalapit po kami sa inyo, mga Kagalanggalang naming mga pinuno ng lalawigan, sapagka't batid naming nasa inyong balikat ang responsibilidad at tungkulin na bigyan na ng pinal na solusyon ang mga pagkabahala at panganib na banta ng mga 'dams' na iniwang nakatiwangwang ng minahan. Kayo po ang alam naming marapat na kinauukulang manguna upang bigyang solusyon ito at wakasan na ang pangamba ng mga mamamayan sapagka't ang pagmimina sa Marinduque ay hindi naman maisasakatuparan kung walang pagsang-ayon ng pamahalaang panlalawigan.

Dahil dito'y ipinananawagan po namin sa inyo ang mga sumusunod:

1. Hilingin sa mga kinauukulang ahensiya ng pamahalaan at mga eksperto na kaagad magtakda ng isang ocular at technical inspection hinggil sa katatagan ng mga 'dams' at estruktura sa lugal ng minahan at gawin itong bukas upang makiisa ang mga kinatawan ng pamahalaang bayan, ng Simbahan at mga non-government organizations;

2. Hilingin o atasan ang kinauukulang ahensiya at mga eksperto ng pamahalaan upang gawing regular ang makatotohanang inspeksiyon at monitoring sa mga 'dams upang palagiang matiyak ang katatagan ng mga ito para naman sa ikapapayapa ng kalooban ng mga pamayanan at mga mamamayan;

3. Tiyaking ang lahat ng resulta at ng makatotohanang regular na monitoring ay bukas sa lahat (transparent) upang palagiang maipabatid sa mga mamamayan sa pamamagitan ng mga pamahalaang pambayan at barangay, ng Simbahan at mga non-government organizations ang totoong kalagayan ng mga nasabing 'dams' para na rin maibsan ang pagkabahala at alalahanin ng mga mamamayan;

4. Hilingin sa DENR na magtalaga ng kawaning may kakayahang teknikal para sa pagsusuri sa katatagan ng mga estruktura sa minahan at sa regular na monitoring ng mga dams, na dito mismo nakadestino sa kanilang tanggapan sa Marinduque;

5. Makipag-ugnay sa Filipino counterparts ng minahan upang payagang maging bukas ito sa mga awtoridad, opisyal ng pamahalaang panlalawigan at bayan para sa palagiang ocular inspections at monitoring na maaaring isagawa ng mga naturang pamahalaang lokal;

6. Makipag-ugnay pa rin sa mga Filipino counterparts ng minahan, Department of Public Works and Highways at maging sa Provincial Engineering Office at iba pang kinauukulan upang iatas at/o hilingin ang agarang pagsasaayos ng mga lansangan patungong lugal ng minahan na sinira na ng nakaraang mga bagyo at pag-ulan para naman sa kapakinabangan at kaginhawahan ng mga mamamayang naninirahan sa mga barangay malapit sa lugal ng minahan.

7. Tuwirang pag-aralan ang mga rekomendasyon ng United States Geological Survey (USGS) at iharap ito sa mga mamamayan at mga kalipunang sibil sa lalawigan sapagka't hanggang ngayon ay hindi pa ito naihaharap sa kanila upang bigyang-desisyon ang pinal at alternatibong remedyo sa mga natitira pang mine tailings sa llog Mogpog at Boac mula sa mga nasirang 'dams' noong 1993 at 1996.

Sa wakas ay amin pong mariing hinihiling ang pag-dekomisyon sa mga naturang dams ng minahan upang tuluyan nang mapawi ang mga panganib na dulot nito sa buhay at kabuhayan at upang tuluyan nang ipinid ang pinto ng pagmimina (medium and large-scale) sa lalawigan ng Marinduque bilang marangal nating pagsasaalang-alang sa deklarasyon ng moratorium sa susunod na limampung taon at pagtalima sa Dekreto ng Unang Sinodo ng Diyosesis ng Boac na nag-aatas ng ". . . tahasang pagtutol na may matibay na paninindigan sa anumang uri ng malakihang pagmimina at iba pang katulad na industriya at gawaing may malubhang epekto sa kapaligiran o ekonomiya ng lalawigan."

Saksi ang aming mga lagda, amin pong ipinananalangin ang inyong agaran at kongkretong pagtugon alang-alang sa kapakanan ng mga Marinduqueño tungo sa likas-kayang pag-unlad ng lalawigan na hindi umaasa sa pagmimina.